3

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## FILIPINO 3 WEEK 5

DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:

| | |
|---|---|
| Writer: | MARY JEAN T. PADILLA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA, |
| Layout Artist: | PILIPINA B. NEBRAO |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, ANABEL P. CAPILLO |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili

## Aralin 5: Sumusuportang Kaisipan

**Inaasahan:** Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa (F3PB-IIIe-g-6)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Kulayan ng dilaw ang pangungusap na walang kaugnayan sa teksto.

| |
|---|
| Likas na mapagbigay ang mga Pilipino. Sa tuwing may okasyon tulad ng pasko, kaarawan, binyag, Araw ng mga Puso, at iba pa, hindi natin nalilimutang magbigay ng regalo. Mapagmahal din sa kalayaan ang mga Pilipino. Nagbibigayan din ng mga handang pagkain ang magkakapitbahay. Gustong-gusto nating ipatikim ang mga nilutong pagkain sa mga kakilala at kaibigan. |

## Balik Tanaw

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan natin ang tungkol sa paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay. Ang aralin ngayon ay tungkol sa pag-alam ng mga mahahalagang kaisipan sa isang talata katulad din sa pagbibigay ng paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa kabuuan ng araling ito, madali mong mauunawaan ang tekstong iyong binabasa kung susundin mo ito.

**PAKSA/PAMAGAT**

(tungkol saan o kanino ang teksto)

↓

**PANGUNAHING KAISIPAN**

(Ano ang gustong ipaalam o nais ipaunawa ng sumulat tungkol sa paksa)

↓

**MGA PANSUPORTANG KAISIPAN/DETALYE**

(Sumasagot sa tanong na sino, ano, saan, kalian, bakit at paano)

## Gawain

**Panuto:** Basahin at unawain ang tekto. Sagutin ang sumusunod na tanong.

**Curfew: Ipinatutupad na sa Maynila**

Isang ordinansa ang ipinaiiral ngayon ng Pamahalaang Lungsod ng Maynila. Ito ang pagpapatupad ng *curfew* sa Maynila. Malinaw na ipinatutupad ang *curfew* sa mga kabataang may 17 taong gulang pababa. Magsisimula ito ng ika- 10 ng gabi hanggang ika-4 ng umaga. Aarestuhin at parurusahan ang mga kabataang lalabag sa *curfew*.

1. Anong ordinansa ang pinaiiral ngayon sa Lungsod ng Maynila?
2. Ilang taong gulang ang sakop ng curfew?
3. Ano sa palagay mo ang paksa sa iyong binasa?

**Panuto**: Ibigay ang pangunahing kaisipan ng bawat saknong mula sa tula. Kulayan ang bilog na katapat ng iyong sagot.

| |
|---|
| Namulat mula sa pagkabata,<br>Sa buhay na sagana sa biyaya,<br>Magulang na kapawa taos mag-aruga<br>Mga kapatid na kasalo sa tuwa. |

◯ Ang pamilya ay binubuo ng mapag- arugang mga magulang at mababait na anak.

◯ Ang mga anak ay lumaki sa maginhawang buhay sa piling ng mapag-arugang mga magulang.


| |
|---|
| Kayraming pulubi, bulag at ulila<br>Tahanan nila'y mga tulay at kalsada,<br>Nagsusumamo, namamalimos ng kaunting barya<br>Pandugtong sa buhay ang katiting na kita |

◯ May mga taong walang tahanan at hindi kumakain nang sapat.

◯ Nakapagpapaligaya sa maraming tao ang malayang pagpili ng tirahan at hanapbuhay.

**Panuto:** Bilugan ang mga larawang nagpapakita ng pansuportang kaisipan sa teksto.

Malaki ang tulong na naibibigay ng mga kasambahay. Sila ay walang pagod na nag-aasikaso ng mga gawain sa loob ng tahanan. Sinisiguro nilang ang mga labahin ay nalabhan, naisasampay, natutuyo at napaplantsa. Pinapanatili nilang malinis ang bahay upang maging ligtas sa sakit ang mga nakatira rito. Masipag din sila sa paghahanda ng masasarap na pagkain.




Halaw sa Canva Philippines Education

## Tandaan

Ang mga pansuportang detalye ang nagbibigay linaw sa pangunahing ideya upang maunawaan ito nang lubos.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto. Lagyan ng tsek (√) sa patlang kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng sumusuportang kaisipan mula sa binasa.

**Ang Batang Masipag Mag-aral**

Si Nelia ay isang batang masipag mag- aral. Nagbabalik-aral siya ng mga leksiyon araw-araw. Nagkukusa siyang hugasan ang mga platong pinagkainan. Inaayos at iniliغligpit niya ang kanyang mga gamit.

______ Nagbabalik-aral siya ng mga leksiyon araw-araw.

______ Nagkukusa siyang hugasan ang mga platong pinagkainan.

______ Natatamad bumangon, hindi muna ako papasok ngayon.

______ Inaayos at inililigpit niya ang kanyang mga gamit.

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto sa bawat bilang. Iguhit ang puso (♡) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pangunahing kaisipan at bituin (★) naman kung ito ay nagpapahayag ng sumusuportang kaisipan.

1. Ang gulay ay pagkaing nagpapalakas at nagpapasigla ng ating katawan. Ito ang walis na tumutulong sa paglilinis ng ating mga bituka. Hindi lahat ng tao ay kumakain nito. Dapat bigyang pansin ng bawat isa ang mahalagang idinudulot ng pagkain nito at kapinsalaang dulot ng hindi pagkain nito.

__________ Hindi lahat ng tao ay kumakain ng gulay.

__________ Ang pagkain ng gulay ay nakasasama sa kalusugan.

__________ Ang gulay ay pagkaing nagpapalakas at nagpapasigla ng ating katawan.

2. Ang pamilya ay isang mahalagang yunit ng pamayanan. Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng bawat ama at ina sa pamilya. Ang ama ay haligi ng tahanan at ang ina ang ilaw nito. Pagmamahalan, pagkakaisa at pagkakaunawaan ang mahalagang sangkap ng maligayang pamilya.

__________ Ang ama ay haligi ng tahanan.
__________ Mahalaga ang tungkulin ng mga ina.
__________ Ang pamilya ay isang mahalagang yunit ng pamayanan.

3. Ang Tagaytay ay isa sa pinakamagandang lugar na matatagpuan sa Pilipinas. Maraming turistang nagpupunta rito. Malamig at sariwa ang simoy ng hangin. Marami ring pook pasyalan ang mapupuntahan dito.

__________ Marami ang mga turista dito sa Pilipinas
__________ Maraming pook pasyalan ang mpupuntahan dito
__________ Ang Tagaytay ay isa sa pinakamagandang lugar sa Pilipinas.

**Panuto:** Lagyan ng tsek(√) ang sumusuportang kaisipan ng teksto.

1. Ang pag-aaral ay susi upang magkaroon ng magandang kinabukasan. Kung hindi tayo mag-aaral, maliit ang posibilidad na tayo ay maging matagumpay.

_____ Hindi mahalaga ang pag-aaral sa isang tao.
_____ Hindi magtatagumpay kung hindi mag-aaral.

2. Ang tubig ang pinakamahalaga sa ating buhay. Nagpapalakas ito ng ating katawan. Kung walang tubig hindi tayo makapaglilinis, makapaglalaba, makapagluluto atbp.

____ Mahalaga ang tubig sa ating buhay.
____ Nagpapalakas ito ng ating katawan.

3. Ang masukal na gubat ay may mataas na puno at makapal na damong ligaw. Maraming mababangis na hayop dito. Mayroon ding maiilap na hayop gubat. Nakatatakot pumasok dito.

____ Ligtas ang pamamasyal sa kagubatan.
____ Maraming mga mababangis na hayop sa gubat.

**Pangwakas na Pagsusulit**

**Panuto:** Iguhit ang hugis puso (♡)sa patlang kung nagpapahayag ng sumusuportang detalye tungkol sa larawan na nasa ibaba.



Puno ng Niyog

____ Nagagawa itong *coco lumber*.
____ Ang dahon ay maaaring gawing walis.
____ Ipinanghuhugas sa mga plato ang sapal nito.
____ Ang bunga ay maaaring gawing *buko juice* o langis.
____ Ang bao nito ay maaariing gawing mga kagamitan sa bahay.

**Panuto:** Bilugan ang letra ng pansuportang kaisipan ng teksto.

1. Ang kamatis ay napagkakamalang gulay na isa palang masustansiyang prutas na nagtataglay ng Bitamina A at C. Ayon sa mga dalubhasa, ang madalas na pagkain ng kamatis ay nakatutulong upang makaiwas sa kanser sa tiyan.

A. Ang kamatis ay nagtataglay ng bitamina A at C.
B. Ang madalas na pagkain ng kamatis ay nakakatulong upang makaiwas sa kanser sa tiyan.

2. Saging ang pinakamasustansiyang prutas na malaki ang naitutulong sa pagpapalaki ng kalamnan ng ating katawan. Nagtataglay din ito ng mga sustansiyang tumutulong sa pagpapabilis ng pagbuo ng nasirang tisyu sa ating katawan.

A. Nagtataglay ito ng mga sustansiyang tumutulong sa pagpapabilis ng pagbuo ng nasirang tisyu ng ating katawan.
B. Ang saging ang pinakamasustansiyang prutas na malaki ang naitutulong sa pagpapalaki ng kalamnan ng ating katawan.

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang pagsubok**

Mapagmahal din sa Kalayaan ang mga Pilipino.

**Gawain**

1. curfew    2. 17 pataas    3. Curfew – Ipinapatupad sa Maynila

1. ang mga anak ay lumaki sa maginhawang buhay sa piling ng mapag-arugang mga magulang
2. may mga taong walang tahanan at hindi kumakain nang sapat

Namamalantsa    nagwawalis    nagluluto

**Pag-alam sa Natutuhan**

√ Nagbabalik-aral siya ng mga leksiyon araw-araw.
√ Nagkukusa siyang hugasan ang mga platong pinagkainan.
√ Inaayos at iniliiligpit niya ang kanyang mga gamit.

1. ♡ Hindi lahat ng tao ay kumakain ng gulay.
   ★ Ang pagkain ng gulay ay nakasasama sa kalusugan.
   ★ Ang gulay ay pagkaing nagpapalakas at nagpapasigla ng ating katawan.
2. ★ Ang ama ay haligi ng tahanan.
   ★ Mahalaga ang tungkulin ng mga ina.
   ♡ Ang pamilya ay isang mahalagang yunit ng pamayanan.
3. ★ Marami ang mga turista dito sa Pilipinas
   ★ Maraming pook pasyalan ang mpupuntahan dito
   ♡ Ang Tagaytay ay isa sa pinakamagandang lugar sa Pilipinas.

- Hindi magtatagumpay kung hindi mag-aaral
- Mahalaga ang tubig sa ating buhay.
- Maraming mga mababangis na hayop sa gubat.

♡ Nagagawa itong *coco lumber*.
♡ Ang dahon ay maaaring gawing walis.
♡ Ang bunga ay maaaring gawing *buko juice* o langis.
♡ Ang bao nito ay maaariing gawing mga kagamitan sa bahay.

1. B

2. A

Sanggunian: Halaw sa Canva Philippines Education, SCRIBD, STEMIT